# IKA-APAT NA LAGUMANG PAGSUSULIT

School Year 2021-2022

**Pangalan:** ______________________________________________ **Score:** _____________

**Guro:** **Neslyn D.B Perez** **Grade 6 -** ___________

**I. Punan ang patlang ng uri ng pangungusap. Gamitin ang mga sumusunod na titik: PS (pasalaysay), PT (patanong), PD (padamdam), PU (pautos), at PK (pakiusap).**

__________1. Nais maglaro sa palaruan ang magkakapatid.

__________2. Pakisabi po kay Nanay na nasa palaruan kami.

__________3. Umuwi kayo bago lumubog ang araw.

__________4. Gusto ba ninyong maglaro?

__________5. Aba, sige!

__________6. Anong laro ang gusto ninyo?

__________7. Gusto ko maglaro ng habulan.

__________8. Maglaro tayo ng habulan.

__________9. Sinu-sino ang gusto ng habulan?

__________10. Naku! ayaw kong maging taya.

__________11. Magjack-en-poy muna tayo.

__________12. Juan, pakibantay muna ng bag ko.

__________13. Masayang naglaro ang mga bata.

__________14. Hahabulin ka ng taya!

__________15. Magkita ulit tayo rito bukas.

LIVEWORKSHEETS

___________16. Aray! Natapakan mo ang sugat ko.

___________17. Kumain ka na ba?

___________18. Malapit na ang pista dita sa atin.

___________19. Maghahanda po ba tayo?

___________20. Naku! Ang ganda ng palamuti sa daan.

**II. Punan ng titik P ang patlang kung ang kayarian ng pangungusap ay payak, T kung ito ay tambalan, at H kung ito ay hugnayan.**

___________21. Ang bagong tuta niya ay isang pitbull at pinangalanan niya itong Junior.

___________22. Magaling umarte ang mga aktor at aktres sa pelikulang napanood ko.

___________23. Gusto nilang magbisikleta subalit masama ang lagay ng panahon ngayon.

___________24. Ang tunay na kaibigan ay mapagkakatiwalaan sa panahon ng kagipitan.

___________25. Habang umaawit si Fiona, si Jenny ay tumutugtog ng piyano.

___________26. Iligpit na ninyo ang mga laruan sa sala bago dumating sina Tatay at Nanay.

___________27. Pag-aralan natin ang mga talambuhay ni Jose Rizal at Andres Bonifacio.

___________28. Pagkatapos ng napakalakas na lindol, nakita nila na halos lahat ng mga gusali ay bumagsak.

___________29. Mananaliksik tayo sa silid-aklatan o makikipanayam tayo sa mga dalubhasa.

___________30. Magaling tumugtog ng piyano si Jenny at mahusay kumanta ang ate niya.

___________31. Ang mahirap na gawain ay gumagaan kapag tayo ay nagtutulungan.

___________32. Ang kalayaan ay matatamo ng mga mamamayan na nagkakaisa.

LIVEWORKSHEETS

__________33. Pinatunayan ni Loren na karapat-dapat siya maging pinuno ng samahan.

__________34. May narinig siyang malakas na dagundong kaya siya ay biglang bumangon.

__________35. Ipaalam mo sa amin kung may balita sa telebisyon tungkol sa halalan.

__________36. Ang reyna ay lumabas sa mataas na balkonahe at kumaway sa mga tao.

__________37. Ang pangulo at ang kanyang mga tagapayo ay nagpupulong sa Malacanang.

__________38. Upang lalong maunawaan ninyo ang aralin, magbibigay ako ng ilang halimbawa.

__________39. Simula nang naging alkalde si Ginang Tomas, marami ang pagbabago sa lungsod.

__________40. Nakapasa siya sa gusto niyang kolehiyo pero walang pambayad ng matrikula ang kanyang mga magulang.

**III. Punan ng titik H ang patlang kung ang pangungusap ay hugnayan at tiktik L kung ang pangungusap ay langkapan. ( 2puntos)**

__________41. Dahil nagmadaling umalis si Enrico, hindi siya nakapagpaalam kay Inay at nakalimutan niyang dalhin ang kanyang baon.

__________42. Maaaring matanggal siya sa trabaho kapag magpatuloy siya sa pagpapabaya.

__________43. Mag-ehersisyo tayo sa parke tuwing umaga upang tumibay ang ating mga puso.

LIVEWORKSHEETS

__________44. Tumawag ka kay Ate Vilma at alamin mo ang kalagayan ni Tatay nang hindi ka natataranta sa pag-aalala.

__________45. Sumasakay ka ba ng bus o sinusundo ka ba ng kuya mo kapag may klase ka sa kolehiyo?

__________46. Bago tuluyan umalis si Nanay, kinausap niya kami saka ibinilin niya sa amin ang mga gawaing-bahay.

__________47. Maaaring manganib ang buhay ng mga hayop kung hindi pangalagaan nang mabuti ang kagubatan.

__________48. Magsuot ka ng kapote at dalhin mo ang payong dahil lumalakas na ang buhos ng ulan.

__________49. Nais niyang makapasok sa isang aviation college sapagkat matagal na niyang pinapangarap ang maging isang magaling na piloto.

__________50. Kailangan na niyang umuwi ngunit kulang ang kanyang perang pamasahe dahil gumastos siya sa paglalaro sa Internet café.

LIVEWORKSHEETS